


**Republika ng Pilipinas**
**MABABANG KAPULUNGAN NG KONGRESO**
**Lungsod Quezon**

**IKALABINTATLONG KONGRESO**
**Unang Regular na Sesyon**

**PANUKALANG BATAS BILANG** 1563

---

**Ipinanukala ni GABRIELA Women's Party List Kinatawan**
**LIZA LARGOZA-MAZA,**
**Bayan Muna Party List Kinatawan Satur C. Ocampo, Teodoro A. Casino, at Joel G. Virador, at Anak Pawis Party List Kinatawan Crispin B. Beltran at Rafael V. Mariano**

---

## Paliwanag

Ang polisiyang baylingwal ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Palakasan na ngayon ay Kagawaran ng Edukasyon, na isinakatuparan noong 1974 sa pamamagitan ng Kautusan Bilang 25, serye ng 1974 ay naglayong maglinang ng isang bansang may kakayahan sa paggamit ng dalawang wika: Ingles at Filipino.

Ang kautusang ito ay pinawalang-saysay ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, partikular ang Artikulo XIII na nagsaad na ang tanging Pambansang Wika ng Pilipinas ay Filipino lamang.

Kung gayon, ang anumang polisiyang baylingwal ay hindi umaayon sa layon ng Saligang Batas.

Subalit kahit mayroon nang bagong Saligang Batas ay wala pang naging hakbangin ang Kagawaran ng Edukasyon upang ipatupad ang tunay na layunin ng Konstitusyon na linangin, ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Wikang Filipino sa kondukta ng mga paaralan sa bansa. Ang katotohanan ay mas maraming asignaturang itinuturo sa wikang Ingles imbes na sa Filipino katulad ng Ingles, Matematika, Siyensya, at mga aralin sa Asignaturang Makabayan katulad ng Pagpapahalaga, Musika, Edukasyong Pangkalusugan, Practical Arts, at iba pa.

Samantala, tanging ang Filipino, Araling Panlipunan at Kasaysayan lamang ang itinuturo sa Filipino.

Sa kabilang banda, marami nang pag-aaral ang isinasagawa simula pa noong 1936 na nagsasabing kung ang mga asignatura ay itinuturo sa mga wikang sariling atin ay mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang itinuturo sa kanila.

Ang polisiyang baylingwal, kung gayon, ang isa sa pinakamalaking balakid upang umunlad ang Wikang Pambansa hindi lamang sa ating mga paaralan kundi sa buong lipunan sa pangkalahatan.

Ang panukalang batas na ito ay naglalayong ituwid ang mga malalaking kamaliang ito at upang linangin at puspusang itaguyod ang ating Pambansang Wika.

Ang agarang pag-apruba ng Panukalang Batas na ito ay inaasahan.

LIZA LARGOZA-MAZA
GABRIELA Women's Party List

SATUR C. OCAMPO
Bayan Muna Party List

TEODORO A. CASINO
Bayan Muna Party List

JOEL G. VIRADOR
Bayan Muna Party List

CRISPIN B. BELTRAN
Anak Pawis Party List

RAFAEL V. MARIANO
Anak Pawis Party List

**Republika ng Pilipinas**
**MABABANG KAPULUNGAN NG KONGRESO**
**Lungsod Quezon**

**IKA-LABINTATLONG KONGRESO**
**Unang Regular na Sesyon**

**PANUKALANG BATAS BILANG** 1563

---

**Ipinanukala ni GABRIELA Women's Party List Kinatawan**
**LIZA LARGOZA-MAZA,**
**Bayan Muna Party List Kinatawan Satur C. Ocampo, Teodoro A. Casino, at Joel G. Virador, at Anak Pawis Party List Kinatawan Crispin B. Beltran at Rafael V. Mariano**

---

# BATAS
# NA NAGTATAKDA NG FILIPINO BILANG OPISYAL NA WIKA NG PAGTUTURO SA MGA PAARALAN

*Pagtibayin ng Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng Pilipinas ngayo'y nakatipon:*

**SEKSYON 1.** Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino, alinsunod sa Artikulo XIV ng Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas.

**SEKSYON 2.** Magsasagawa ang Pamahalaan ng hakbangin upang linangin, ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wika ng pagtuturo sa lahat ng paaralan sa bansa.

**SEKSYON 3.** Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong sa wika ng pagtuturo.

**SEKSYON 4.** Ang mga dayuhang wika katulad ng Ingles, Kastila at Arabic ay itataguyod na kusa at opsyonal at maaari ring gamiting wikang pantulong.

**SEKSYON 5.** Sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkapasa nitong Batas, ang mga pinuno ng lahat ng pampublikong ahensyang pangedukasyon ay maglalabas ng karampatang alituntunin at gabay sa pagpapatupad.

**SEKSYON 6.** Pagkapasa nitong Batas, magkakaroon ng isang (1) taong pagsasanay bago ito ipatupad. Walang karagdagang palugit ang papayagan.

**SEKSYON 7.** Ang lahat ng batas, kautusan, ordinansa at gabay, o mga bahagi nila, na hindi angkop o salungat sa batas na ito ay itinuturing na wala nang bisa o inaamyendahan alinsunod sa batas na ito.

**SEKSYON 8**. Ang batas na ito ay agad na magkakabisa pagkapasa.

**Aprubado:**